

# Magtipid ng iyong gastusin sa enerhiya at pangalagaan ang kapaligiran

Sa programang Victorian Energy Upgrades (VEU), maaari mong ma-access ang may diskuwentong mga produktong matipid sa paggamit ng enerhiya at makatipid sa iyong mga energy bill.

Filipino

## Papel-kaalaman sa sistema ng Victorian Energy Efficiency Target para sa konsyumer

Ang VEU ay isang boluntaryong inisyatiba ng pamahalaang Victoria na nagbibigay ng mga insentibo para sa mga taga-Victoria upang gumawa ng mga pagpapabuting matipid sa paggamit ng enerhiya sa kanilang mga bahay at negosyo. Tumutulong ito na pababain ang mga bill sa kuryente at bawasan ang mga greenhouse gas emission.

### Pagiging marapat

Bawat sambahayan at negosyo sa Victoria ay maaaring makilahok sa programa at maka-access sa may diskuwentong mga produkto at serbisyo na matipid sa paggamit ng enerhiya. **Ang iyong paglahok ay boluntaryo.**

### Madali ang paglahok sa programa

**Hakbang 1.** Tingnan ang mga produktong makukuha.

**Hakbang 2.** Piliin ang produkto na gusto mong mainstala upang mabawasan ang iyong mga gastusin sa enerhiya.

**Hakbang 3.** Kumuha ka ng akreditadong provider. Kailangan mong makipagtulungan sa akreditadong provider na awtorisadong mag-instala ng mga produktong VEU na matipid sa paggamit ng enerhiya. Ang mga akreditadong provider ay responsable rin sa pag-aasikaso para sa diskuwento o rebate (kaunting pagsasauli ng ibinayad) para sa anumang mga produkto na pinili mong ipainstala. Sasabihin niya sa iyo:

- ang mga produkto na maaari mong gamitin
- kung sino ang maaaring mag-instala ng mga pinili mong produkto.

### Upang humanap ng makukuhang produkto o akreditadong provider

Tawagan ang VEU helpdesk sa **(03) 9032 1310**

Paki-pindutin ang 1 para sa impormasyon sa isang energy upgrade. Kapag narinig mo na ang pagkakonekta sa opsyong ito, pindutin ang 0.

Bingi, may kapansanan sa pandinig o pananalita? Mangyaring kontakin ang National Relay Service sa **133 677** o [www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)



## Magtipid sa iyong mga energy bill sa pamamagitan ng VEU

	MGA SAMBAHAYAN	MGA NEGOSYO
Kasalukuyang natitipid kada taon	Depende sa (mga) upgrade, ang karaniwang sambahayan ay maaaring makatipid sa pagitan ng \$120 at \$1,100 kada taon sa mga gastusin sa enerhiya.	Depende sa laki ng iyong negosyo at (mga) upgrade, maaari kang makatipid sa pagitan ng \$500 at \$74,000 kada taon.

## Ang iyong mga karapatan sa ilalim ng programang VEU

Ang programang VEU ay may Koda ng Pag-aasal na nagtatakda ng pinakamababang mga pamantayan ng pag-aasal na naglalayong protektahan ang mga konsyumer. Tumutukoy ito sa lahat ng kasangkot sa paghahatid o pagbebenta ng mga upgrade.

### Mga aktibidad sa pagbebenta

Kung ikaw ay kokontakin ng isang akreditadong provider o ng ikatlong partido na kumikilos para sa kanya tungkol sa programang VEU, siya ay dapat:

- mag-market o magbenta sa iyo ng mga upgrade lamang para sa programang VEU kung ikaw ay mahigit 18 taong gulang at kayang umunawa ng impormasyong ibibigay
- magpaliwanag na ang programa ay boluntaryo at hindi mo kailangang makilahok
- magpaliwanag kung paano niya nakuha ang iyong address at bakit siya bumibisita sa iyong bahay o negosyo
- magsabi sa iyo kung anong negosyo ang pinagtatrabahuhan niya
- laging may nakakabit na identification card na may litrato niya, ang kanyang buong pangalan, mga detalye ng pagkontak, ABN, at mga pangunahing detalye ng kontratista
- hindi gumamit ng mga taktikang lubhang mapamilit upang magbenta o mag-market ng mga produkto o serbisyo
- magbigay ng tumpak na impormasyon tungkol sa mga kalakal o serbisyong ibinibigay at ang kaangkupan ng mga ito
- hindi magsabi ng mga bagay na hindi totoo o mapanlinlang – kabilang dito na siya ay nagtatrabaho para sa Pamahalaang Victoria o sa Essential Services Commission, o na ang Pamahalaang Victoria ay nagbibigay ng pribadong impormasyon sa pagkontak (gaya ng mga numero ng telepono) para sa pagma-market.

## Upang humanap ng makukuhang produkto o akreditadong provider

Tawagan ang VEU helpdesk sa **(03) 9032 1310**

Paki-pindutin ang 1 para sa impormasyon sa isang energy upgrade. Kapag narinig mo na ang pagkakonekta sa opsyong ito, pindutin ang 0.

Bingi, may kapansanan sa pandinig o pananalita? Mangyaring kontakin ang National Relay Service sa **133 677** o [www.relayservice.gov.au](http://www.relayservice.gov.au)



## Ang iyong mga karapatan sa ilalim ng programang VEU *pagpapatuloy*

### Mga kontrata

Kung ikaw ay nakikipagtulungan sa isang akreditadong provider o sa ikatlong partido na kumikilos para sa kanya, siya ay dapat:

- makipagkontrata lamang sa isang tao na 18 taong gulang o mas matanda pa
- tiyaking sasabihin niya sa iyo ang anumang gawain na isasagawa at naunawaan mo ito bago simulan ang gawain
- magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at obligasyon sa ilalim ng programang VEU, pati na rin ang iniaalok niyang upgrade at kontrata. Ang kontrata ay dapat magdetalye ng produkto/serbisyo, isang pagtuturing ng halaga (quote) at anumang karagdagang mga babayaran, mga pamamaraan ng pagtatanggal ng komisyon, at mga panahon kung saan maaari mong kanselahin ang kontrata nang walang multa (cooling-off periods)
- magsabi sa iyo tungkol sa anumang gawain na isasagawa bago ito simulan at pagtiyak na nauunawaan mo ito
- magsabi sa iyo kung sino ang mag-iinstalla ng upgrade kung pinili mong ituloy ang produkto o serbisyo
- magbigay sa iyo ng numero ng telepono upang matawagan mo ang tao o kumpanyang mag-iinstalla ng upgrade.

### Pagsasagawa ng trabaho

Kapag sisimulang makipagtulungan sa isang akreditadong provider o sa ikatlong partido na kumikilos para sa kanya, siya ay dapat:

- magsimula lamang ng trabaho kapag naibigay mo na ang iyong pagsang-ayon
- huwag magsimula ng anumang trabaho kung hindi ka pa niya naabisuhan tungkol sa mga detalye ng trabaho. Maaaring kasali rito ang oras at petsa, produkto/serbisyonang iinstalla, at impormasyon tungkol sa tao na magsasagawa ng gawain, gaya ng kanyang akreditasyon at mga detalye ng pagkontak
- makipag-usap lamang sa isang taong mahigit sa 18 taong gulang
- magbigay sa iyo ng kanyang mga detalye ng pagkontak kapag nakumpleto na ang gawain upang matawagan mo siya kung kailangan
- magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa paglutas ng alitan at anumang mga tagubilin at impormasyon tungkol sa warranty para sa nainstalang mga produkto/serbisyo.

## Gusto mo bang makipag-usap sa amin tungkol sa programang VEU?

Mangyaring tumawag sa **(03) 9032 1310** o mag-email sa amin sa [veu@esc.vic.gov.au](mailto:veu@esc.vic.gov.au)

### Saan pa makakahingi ng tulong hinggil sa iyong mga karapatan bilang isang konsyumer?

Kung hindi mo gustong tumanggap ng mga telemarketing na tawag, maaari kang mag-sign up sa **Do Not Call register**, na gagawing labag sa batas para sa sinumang Australyanong walang iksemsyon o taga-ibang bansang telemarketer ang tawagan ka. Bisitahin ang [www.donotcall.gov.au/](http://www.donotcall.gov.au/) o tumawag sa **1300 792 958**.

Kung ikaw ay may reklamo tungkol sa mga **hindi totoo o mapanlinlang na mga sinasabi, telemarketing o bahay-bahay na pagkatok para magbenta**, makipag-ugnay sa Consumer Affairs Victoria.

Bisitahin ang [www.consumer.vic.gov.au/contact-us](http://www.consumer.vic.gov.au/contact-us) o tumawag sa **131 450**.

